

**Ministry of  
Long-Term Care**

Office of the Minister

400 University Avenue, 6th Floor  
Toronto ON M7A 1N3

**Ministère des  
Soins de longue durée**

Bureau du ministre

400, avenue University, 6<sup>e</sup> étage  
Toronto ON M7A 1N3



Enero 9, 2021

Mahal naming mga Partner:

Habang nagsisimula ang 2021 na may positibong pakiramdam sa pagpapasimula ng mga bakuna ng Moderna at Pfizer-BioNTech, nananatili ang katotohanan na nakikita natin ang lumalaking bilang ng mga kaso sa sektor ng pangmatagalang pangangalaga. Ang agaran at determinadong aksyon, sa ating parte at sa inyo, ang kailangan ngayon para protektahan an gating pinakamadaling mahawahan — ang mga residente ng Ontario na nasa pangmatagalagang pangangalaga at ang mga nangangalaga sa kanila.

Nakakagawa tayo ng sapat na progreso sa ating mga pagsisikap sa pagpapamahagi ng bakuna at ikinagagalak kong ibahagi na hanggang ngayon halos 100,000 tao na sa Ontario ang nabakunahan. Mabilis at determinado tayong kumilos, at kailangan namin ang tulong ninyo para hikayatin ang mga team sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga residente sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at kanilang mga mahalagang tagapag-alaga na paikliin ang kanilang manggas at magpabakuna.

Ang pagpapabakuna ay ang pinakaligtas, pinaka-mabisa at pinaka-maaasahang paraan para protektahan ang inyong sarili at ang mga nakapaligid sa inyo mula sa pagkakaroon ng COVID-19. Mahalaga na gagawin natin ang lahat ng magagawa natin para makatulong sa pagpigil ng virus at panatilihin ligtas ang lahat.

Habang hinihintay natin ang mga shipment sa hinaharap mula sa pamahalaang pederal, inaasahan natin ang paglalapat ng lahat ng 95,000 doses ng bakuna ng Pfizer-BioNTech sa ating 19 na aktibong site ng ospital sa susunod na ilang araw. Bukod pa sa nakalipas na linggo tumanggap ang Ontario sa unang delivery ng 53,000 doses ng bakuna ng Moderna. Ang una, maliit na shipment na ito ay ginagamit sa mga hotspot ng lalawigan, Toronto, York, Peel at Windsor-Essex, at inaasahan natin ang delivery ng karagdagang 56,000 doses sa Enero 11. Layunin natin na mabakunahan ang lahat ng mga residente sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at mga kawani sa mga hotspot na ito bago lumipas ang Enero 21.

Malapit na naming ilalabas ang mga protokol para ligtas at mahusay na mailipat ang bakuna ng Pfizer-BioNTech lampas sa punto ng paghahatid. Ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech ay sinimulang inilapat sa mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga, at inaasahan natin na makita ang mas marami pang mga residente ng mga tahanan ng pangmatagalang pangangalaga na magpabakuna sa darating na mga araw.

Ang ligtas na pagbakuna sa lalong madaling panahon sa ating pinaka-madaling mahawahang mga tao at sa mga nangangalaga sa kanila ay iniutos, at hinihingi ko ang

inyong suporta para maiba ang sitwasyon sa mga kaganapan sa ating pakikipaglaban sa COVID-19.

Taos-puso,

A handwritten signature in blue ink, appearing to read "M Fullerton". The signature is fluid and cursive, with the first letter of the first name being a large, stylized "M".

Dr. Merrilee Fullerton  
Minister of Long-Term Care